# EDUKASYON SA PAGPAPAHALAGA II
## Yunit 3
## Modyul Blg. 11

## Pagpapahalaga: Gaano Kahalaga?

## I. Ano Ang Inaasahang Matututuhan Mo?

Sa mga nagdaang modyul, natutuhan mo ang makipag-ugnayan sa iba't ibang tao. Napag-alaman mo na tunay na mahalaga ang kapwa. Natuklasan mo rin an ang kapwa ay isa sa pinakadakilang handog ng Diyos sa bawat tao. Subalit, naitanong mo ba sa iyong sarili kung naging maayos ang iyong pakikipagkapwa? Naging makabuluhan ba ang iyong pakikipag-ugnayan sa kanila? May mga dapat ka bang tuklasin upang matamo mo ang tagumpay sa iyong pakikipagkapwa? Kung mayroon man, hayaan mong tulungan ka ng modyul na ito sa pagtuklas ng mga pagpapahalagang gagabay sa iyo tungo sa makabuluhang pakikipagkapwa.

Pagkatapos mong pag-aralan ang modyul na ito, inaaasahang matutuhan mo na ang mga sumusunod na kasanayan at pagpapahalaga:

Nakikilala ang pagpapahalagang paiiralin sa pakikipagkapwa (L.C. 3)

A. Natutukoy ang mga virtue at pagpapahalagang kaugnay sa pakikipagkapwa
B. Napahahalagahan ang mga virute at pagpapahalaga na kaugnay sa pakikipagkapwa
C. Nakagagawa ng mga hakbangin upang mapaunlad ang mga pagpapahalagang kaugnay sa pakikipagkapwa

Ang modyul na ito ay sadyang binuo upang maunawaan mong mabuti ang mga aralin sa Edukasyon sa Pagpapahalaga I kahit hindi ka makapasok sa paaralan nang regular. Upang maging lubos ang iyong pag-unawa sa mga nilalaman ng aralin, sundin mo nang tapat ang mga sumusunod na tagubilin:

1. Basahin ang modyul ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga gawain.
2. Unawaing mabuti ang nilalaman ng paksang aralin.
3. Basahin at sundin ang mga panuto at iba pang tagubilin.
4. Pag-isipang mabuti ang sagot sa bawat tanong bago ito isulat sa kuwaderno ng Edukasyon sa Pagpapahalaga.

5. Maging tapat sa iyong sarili sa lahat ng pagkakataon. Laging isaalang-alang ang iyong puso at damdamin sa pagsagot sa mga tanong. Gamiting gabay ang layuning matuto at mapaunlad ang sariling pagkatao sa lahat ng mga gawain.
6. Magtanong sa guro, magulang, kamag-aral o kaibigan kung kailangan.
7. Maging matiyaga sa pag-aaral. Huwag mawalan ng pag-asa kahit nahihirapan.

Bago mo simulan ang gawain sa modyul, sagutin mo ang mga sumusunod na panimulang pagsubok.

## II. Handa Ka Na Ba?

Isulat ang salitang Tama kung ang ipinapahayag ng pangungusap ay wasto at Mali kung ito ay hindi wasto.

1. Sa pakikipagkapwa natutuhan ng tao ang makisalamuha.
2. Ang tunay na paglilingkod ay nakikita sa mabuting pakikipagkapwa.
3. Hindi mahalagang isinaalang-alang ang paniniwala o prinsipyo ng ibang tao.
4. Ang pagpapatawad sa nagkasala ay patunay ng pagmamahal sa kapwa.
5. Malaya tayong nakapamimili ng ating pakikitunguhang kapwa.
6. Dapat tanggapin ang kabuuan ng isang tao.
7. Ang diwa ng pagkakaisa ay ang "pagkakasundo-sundo" sa kabila ang pagkakaiba-iba.
8. Ang tunay na pakikipagkapwa ay laging handa sa pagdadamayan.
9. Ang tunay na pakikipagkapwa ay nakikita sa turingang parang tunay na magkakapatid.
10. Ang pagpaparaya ay nangangahulugan ng pagbibigay ng walang inaasahang kapalit.


## III. Tuklasin Mo

### Gawain Blg. 1

Isulat ang mga pagpapahalagang tinutukoy sa mga pangungusap. Isulat ang kasagutan sa puzzle na matatagpuan sa ibaba

1. Pagtupad sa binitiwang pangako o salita
2. Pagbibigay halaga sa mga opinyon at mungkahi ng magkaibang panig
3. Pag-unawa sa mga pagkukulang ng iba
4. Pagbibigay ng panibagong pagkakataon sa mga taong nagkasala
5. Pagpapahalaga sa kapwa tulad ng inuukol sa sarili
6. Bukas palad na paglilingko sa kapwa

7. Paglalagak ng pansariling kapakanan o mahahalagang interes sa kalooban ng iba
8. Pagtanggap at pagtulong sa kapwa ng walang alinlangan





## Sagutin Mo

1. Naging madali ba sa iyo ang gawain? Ipaliwanag.
2. Anu-anong pagpapahalaga ang natuklasan mo batay sa gawain?
3. Naisabuhay mo ba ang pagpapahalagang natuklasan mo batay sa gawain? Kung naisabuhay, paano? Kung hindi, bakit?

## Gawain Blg. 2

Sa tulong ng gawain 1, itala ang mga pagpapahalagang kaugnay sa pakikipagkapwa. Isulat ang mga ito sa malalaking sanga ng puno. Pagkatapos isulat ang magagandang naidudulot sa mga bunga.

Pagpapahalagang Kaugnay sa Pakikipagkapwa




1. Nabuo ang tiwala sa akin ng aking kaklase kaya kapag may suliranin siya ay nagtatapat sa akin upang makatulong niya sa paglutas nito.

## Sagutin Mo

1. Naging madali ba sa iyo ang gawain?  Bakit?
2. Sa palagay mo ba, talagang makakatulong ang mga ito sa pagpapabuti ng iyong pakikipagkapwa? Bakit?
3. Makakamit mo ba ang magagandang bunga dulot ng mga pagpapahalagang iyong natala?
4. Sa paanong paraan mo ito makakamit?
5. Ano ang naging damdamin mo pagkatapos mong naisabuhay ang pagpapahalagang pakikipagkapwa?

## Gawain Blg 3

Batay sa sariling karanasan, isulat mo sa bawat kahon ang mga pagpapahalagang nakatulong sa mabuting pakikipagkapwa.  Maaaring magtala ng mga pagpapahalagang hindi kabilang sa mga iyong naitala. Ipaliwanag din kung paano ito nakatulong sa iyong pakikitungo sa kapwa.

Halimbawa"

| | | |
|---|---|---|
| Ang hirap maging mahirap, paano kaya kami makakaahon? | Halika sumama ka sa aking mag-aral ng paggawa ng kandilang pastilyas. Magkakaroon ka ng mapagkakakitaan | Pagtulong sa kapwa na mabuhay sa mabuting paraan |

1.

| | | |
|---|---|---|
| Tulong! Tulungan ninyo ako! | Naku! Sugatan ka, halika at dadalhin kita sa ospital | |

2.

| | | |
|---|---|---|
| Narito po ang wallet ninyo, nahulog kaninang nagdarasal kayo | Ineng, napakabait mo.  Pagpalain ka ng Diyos. | |

3.

| | | |
|---|---|---|
| Galit ako sa Nanay mo, alam mo ba inaway niya ako dahil sa inilipat ko raw ang bubong ninyo sa amin. Nilipad lang | Pasensya na po kayo ipapaliwanag ko na lang po sa kanya | |

4.

| | | |
|---|---|---|
| Alam ko po na magkaaway kayo ng tatay ko.  Pero nasa ospital po siya | Naku wala na yun kinalimutan ko na yun. Hayaan mo at ipagdarasal ko ang paggaling niya | |

**Sagutin Mo**

1. Naisagawa mo ba ang gawain? Bakit?
2. Sa mga pagpapahalagang naitalakay, alin ang hindi mo naisasabuhay, ipaliwanag.
3. Paano mo pauunlarin ang iyong sarili?

## IV. Ano Ang Natuklasan Mo?

Tapusin mo ito . . .

1. Natuklasan ko na ang pakikipagkapwa ay ______________________ .
2. Ang aking natuklasan sa modyul na ito upang mapabuti ang aking pakikipagkapwa dapat na ___________________________________.

## V. Pagpapatibay

"No man is an island". Palasak na kasabihan pero hindi mapasubalian ang katotohanan. Wala nga naman kasing pwedeng mabuhay ng nag-iisa ng masaya. Sabi nga ng awit, "walang sinuman ang nabubuhay para sa sarili lamang, walang sinuman ang namamatay para sa sarili lamang". Tingnan mo hanggang kamatayan dapat hindi pa rin tayo namamatay para sa sarili lamang. Bakit kaya? Kasi tayong lahat ay may pananagutan sa isa't isa.



Sabi nga ni Cain ng siya'y tanungin ng Diyos tungkol kay Abel, Panginoon ako ba ang tagapag-ingat ng aking kapatid . . ." Sa iyong mga kamay, sisingilin ang dugo ng iyong kapatid.

Eksaktong ito itinugon ni Cain ng hanapin ng Diyos si Abel sa kanya. Ikaw at ako, tayo nga'y tagapangalaga ng ating mga kapatid. Paano mo aabutin ang iyong kapwa? Siyempre ito'y pansariling desisyon: ito'y sa inyo na magsisimula. Ang lahat ng tulay ay patungo sa kapwa mo kaya't lumabas ka na sa iyong sarili at tahakin ang landas patungo sa kapwa. Napakagandang tingnan kapag nakalahad ang ating mga kamay sa pagtanggap sa ating kapwa.

Magtayo ng tulay, hindi harang . . . Ito'y magsisimula sa iyo, ang malaking tulay na magdurugtong sa bawa't isa. Iyon ang mahalaga. Lumabas ka sa iyong 'sarili', pumasok ka sa iba. Napakagandang makita ang iyong sarili at matulungan ang ibang makita ang kanilang sarili . . . kaya nga nagtayo ka ng tulay sa iyong sarili . . . pero huwag kang hihinto doon. Ang sumunod na dugtong ay ang tulay para sa kapwa.

Halaw sa Values Education
ni Leo Buscaglia

Sabi ni George Eliot, “O ang ginhawa, di maipaliwanag na ginhawa ng kalooban na naramdamang higit ka sa isang tao, na hindi mo kailangang timbangin ng isip o sukatin ng bawat salitang sasabihin kundi pwede mong ibuhos lahat, lahat-lahat. Ang dayami ay ang butil na magkasama, sapagkat alam mong may kamay na sasalo at sasala dito. Buong pag-iingat upang ang karapat-dapat ang natira.”

Halaw sa The Friendship Factor
ni Allan Loy Ginnis
ph. 35-36

## VI. Pagnilayan at Isabuhay Mo

Higit pang kilalanin ang sarili lagyan ng tsek ang mga pangungusap ayon sa sarili mong pagpapahalaga.
Balangkas ng pagmamarka
5 – palaging ginagawa
4 – madalas
3 – paminsan-minsan
2 – minsan
1 – hindi ginagawa

| | 5 | 4 | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Natatanggap ko ang opinyon mula sa ibang tao | | | | | |
| 2. Kapag ako’y nakatulong sa ibang tao isinusumbat ko ito sa kanya kapag kami’y nagkaroon ng di pagkakaunawaan | | | | | |
| 3. Nagiging matapat ako sa pakikitungo sa iba | | | | | |
| 4. Nagagawa kong bigyan ng pagkakataon ang may pagkukulang sa akin | | | | | |
| 5. Hinahayaan kong maipahayag nang malaya ng iba ang kanilang damdamin | | | | | |
| 6. Nalulungkot ako kapag nakakakita ng taong may mabigat na problema | | | | | |
| 7. Naiiwasan kong makipagtalo sa mag kaibigan | | | | | |
| 8. Nagagawa kong alalahanin ang mga taong naging malapit sa akin | | | | | |
| 9. Naglilingkod ako sa aming tahanan nang may pagkukusa | | | | | |
| 10. Gumagawa ako ng paraan, gaano man ito kaliit upang makatulong sa kapwa | | | | | |
| 11. Maasahan akong magtago ng sikreto | | | | | |
| 12. Gusto ko na ako lang ang pakisamahan ng mga taong tinutulungan ko | | | | | |
| 13. Pinpintasan ko ang aking kapwa kapag sila’y hindi nakaharap | | | | | |
| 14. Kapag ako’y nagpatawad hindi ko na ito binabalikan pang muli | | | | | |

## VII. Gaano Ka Natuto?

A. Sumulat ng mga balangkas upang higit na mapaunlad ang mga pagpapahalagang kaugnay sa pakikipagkapwa. Isulat ang mga ito sa loob ng kahon.

| 1. | 2. |
|---|---|
| | |

| 3. | 4. | 5. |
|---|---|---|
| | | |

B. Ano ang maipapayo mo . . .

1. Si Ellen ay may lihim na pagkainggit kay Analyn kaya't pinagkalat niyang si Analyn ang huling pumasok sa kuwarto ni Ginoong Salvador bago nawala ang wallet nito. Alam mong hindi ito totoo dahil kasama mo noon si Analyn sa National Bookstore. Ano ang maipapayo mo kay Ellen?

   ______________________________________________

   ______________________________________________
2. Sinagot-sagot ng pablang ni Enrico si Ginang Concepcion ng kunin nito ang malaking hikaw ni Enrico dahil bawal sa paaralan na nakahikaw ang mg lalaki.

   ______________________________________________

   ______________________________________________
3. Narinig mong binawalan ni Chona si Adel na patayin ang gripo ng tubig na nakabukas. Buti nga raw iyon at nang makaganti sila sa mga gurong nagagalit sa kanila. Ano ang sasabihih mo kay Chona?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

C. Basahin nang mabuti ang mga pahayag at piliin ang titik ng tamang sagot.

1. Ano ang kahulugan ng pagpapatawad?
   a. susunod sa utos ng Guidance Counselor na makipagkamay subalit iirap at di kikibuin ang nakasamaang loob na kaklase.
   b. Paglimot sa nangyari pati na sa taong sangkot
   c. Pagsumbat sa nakaaway

   d. Pag-iwas na lang sa taong nakasamaan ng loob sa habang panahon
2. Ang tunay na paggalang ay
   a. pagsasabi ng po at opo
   b. pagsunod sa utos
   c. pagsasaalang-alang sa edad at katayuan ng kapwa
   d. pagsasaalang-alang sa dignidad ng tao sinuman siya at anuman ang katayuan niya sa buhay
3. Ang pagsasakripisyo ay nangangahulugan ng
   a. pagtitiis dahil talagang wala
   b. pagsasaalang-alang sa kapakanan ng iba bago ang sarili
   c. pagsupil sa kagustuhan upang mapaghandaan ang isang magarbong okasyon
   d. pagtitipid para mabili ang mga mas mahal na bagay
4. Ang pagkamaunawain ay
   a. hindi magagalit kung ang kaibigang matalik ay nakipagkaibigan sa iba
   b. paringgan tuwina ang taong nakaaway
   c. pagpunta sa bahay ng kaklase upang malaman bakit hindi siya nakapasok madalas at di nakabayand ng kontribusyon sa paaralan
   d. ipagkalat ang lilhim ng mga kaklase
5. Pagtulong ang tawag sa
   a. pagpapahalaga sa kaklase ng sagot sa eksamin
   b. pagbibigay ng pamasahae sa isang mahirap na kaibigan
   c. pagtatakip sa pagbubulakbol ng kapatid para huwag makagalitan
   d. pagbibigay araw-araw ng ulan at kanin sa kapitbahay na anak ng anak at di kayang buhayi ang mga supling

# VIII. Mga Sanggunian


Esteban, Esther J. *Education in Values*. Manila: Sinagtala Publishing Inc.

Quintin, Tomas at Donato Adrev. *Negotiationg by Filipino Values*

Values Education Special Issue, College of Education

Mc Gennis, Allan Loy. *The Friendship Factor*


**Susi ng Pagwawasto**

| | | | | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | | | | 2 | | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | P | | | | | | | | | | |
| 1 | K | A | T | A | P | A | T | A | N | | | | | | | | | |
| | | | | | | | | G | | | | | | | | | | |
| | | | | | 3 | P | A | G | K | A | M | A | U | N | W | A | I | N |
| | | | 5 | | | | | A | | | | | | | | | | |
| | | | P | | | | | L | | | | | | | | | | |
| | 4 | P | A | G | P | A | P | A | T | A | W | A | D | | | | | |
| | | | G | | 6 | | | N | | | | | | | | | | |
| | | | M | | P | | | G | | | | | | | | | | |
| | | | A | | A | | | | | 7 | | | | | | | | |
| | | | M | | G | | | | | P | | | | | | | | |
| | 8 | P | A | G | T | I | T | I | W | A | L | A | | | | | | |
| | | | L | | U | | | | | G | | | | | | | | |
| | | | A | | L | | | | | P | | | | | | | | |
| | | | S | | O | | | | | A | | | | | | | | |
| | | | A | | N | | | | | P | | | | | | | | |
| | | | K | | G | | | | | A | | | | | | | | |
| | | | I | | | | | | | S | | | | | | | | |
| | | | T | | | | | | | Y | | | | | | | | |
| | | | | | | | | | | A | | | | | | | | |